Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-47 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA TEPPANYA RESTAURANT NORTH EDSA INC., QUEZON CITY NOONG IKA-05 NG HUNYO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 31-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGTATAKDA NG PAGBIBIGAY NG DALAWAMPUNG BAHAGDANG DISKWENTO *(20%)* PARA SA MGA *ULTRASOUND SERVICES* KATULAD NG *PELVIC ULTRASOUND, TRANSVAGINAL ULTRASOUND, MAMMOGRAPHY* AT *CERVICAL SCREENING (PAP SMEAR)* SA MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG OSPITAL AT *LABORATORY CLINICS* NA SAKOP NG LUNGSOD NG MALOLOS PARA SA MGA KABABAIHANG NANINIRAHAN SA LUNGSOD TUWING MARSO KADA TAON BILANG PARTE NG PAGDIRIWANG SA BUWAN NG MGA KABABAIHAN.**

**AKDA NI: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE**
**KAMAY-AKDA SINA: KGG. ABGDO. NIÑO CARLO C. BAUTISTA,**
**KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. VICTORINO M. ALDABA III,**
**KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 14 ng Artikulo II ng Saligang Batas ng 1987, kinikilala ng Estado ang tungkulin ng kababaihan sa pagbuo ng bansa at dapat siguruhin ang saligang pagkakapantay-pantay ng kababaihan at kalalakihan;

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 11 ng Artikulo XIII ng Saligang Batas ng 1987, dapat magsagawa ang Estado ng pinag-isa at komprehensibong lapit sa pagpapaunlad ng kalusugan na magbibigay ng mga pangunahing pangangailangan, mga lingkurang pangkalusugan at iba pang mga lingkurang panlipunan na makakayanan ng lahat ng mga mamamayan. Dapat magkaroon ng prayoridad para sa mga pangangailangan ng mahihirap na maysakit, matatanda, may-kapansanan, mga babae, at mga bata;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** isa sa mga polisiya ng Pamahalaan sa ilalim ng Local Government Code of 1991, partikular na ang Seksyon 17, Talata II (IV), na magbigay ng mga serbisyo at pasilidad. Ang Social Welfare Services kung saan kabilang ang kapakanan ng mga kababaihan;

**SAPAGKAT,** ayon sa *Philippine Foundation for Breast Care, Inc.,* ang *Breast Cancer* ay ang pinaka-pangkaraniwang kanser sa mga kababaihan. Ayon din sa *Philippine Statistics Authority (PSA)* at sa *Department of Health (DOH)*, tatlo (3) sa isandaang (100) Pilipina ay nada-diagnosed na mayroong kanser sa dibdib. Ang Pilipinas ang mayroong pinakalaganap na Breast Cancer cases mula sa 197 bansa noong Pebrero, 2017;

**SAPAGKAT,** ayon sa *The Global Cancer Observatory*, ang bilang ng mga bagong kaso ng *Breast Cancer* sa Pilipinas noong 2020 ay umabot sa 27,163 kaso. Ang *breast cancer* ay maaaring makita sa pagsasailalim sa *mammography* bilang isa sa mga ginagamit upang makatulong na mag-diagnose ng kanser sa dibdib at iba pang kondisyon pangkalusugan ng mga tao;

**SAPAGKAT,** ang *Cervical Cancer* ay ang pangalawa sa karaniwang kanser na nakakaapekto sa mga kababaihan, ang *Breast Cancer* bilang una, bagaman nakikita ang maaagang pagbabago sa mga selula ng *cervix* na maaaring humantong sa *cervical cancer* na maaaring matukoy sa pamamagitan ng isang *Diagnostic Procedure* na tinatawag na *Pap Smear* o *Pap Test;*

**SAPAGKAT,** ayon sa pag-aaral ng Kagawaran ng Kalusugan, tinatayang nasa 7,277 na kababaihan ang nada-diagnosed sa sakit na *cervical cancer* kada taon sa Pilipinas;

**SAPAGKAT,** kung kaya't naniniwala ang Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Malolos na ang pagkakaloob ng dalawampung bahagdan (20%) diskwento para sa mga Ultrasound Services at pagsasagawa ng mga libreng cervical screening ng mga pampubliko at pribadong ospital at *laboratory clinics*na sakop ng Lungsod ng Malolos para sa mga kababaihang naninirahan sa Lungsod ay hindi lamang maghihikayat sa kanila na sumailalim sa regular na screening kundi pati narin madagdagan ang kamalayan tungkol sa *breast cancer, cervical cancer* at iba pang sakit na kadalasang nakaaapekto sa mga kababaihan kabilang ang kanilang kabuuang personal na kalusugan;

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINAGTIBAY** na may bisa ng batas ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod;

**SEKSYON 1. – PAMAGAT** – Ang Kautusang ito ay kikilalanin bilang ***"CITY OF MALOLOS WOMEN'S MONTH HEALTH PROGRAM ORDINANCE".***

**SEKSYON 2. – KAHULUGAN NG MGA TERMINO** – Ang mga sumusunod na termino ay nangangahulugang:

a. **BUWAN NG MGA KABABAIHAN** – sa buwan ng Marso kada-taon ipinagdiriwang ang Buwan ng Kababaihan bilang pagpapahayag sa mga kontribusyon ng mga kababaihan sa kasaysayan at lipunan.
b. ***PELVIC ULTRASOUND*** – isang *non-invasive diagnostic exam* na gumagawa ng mga larawang ginagamit upang masuri ang *pelvic organ* at istruktura ng loob ng *pelvis* ng isang babae.
c. ***TRANSVAGINAL SONOGRAPHY (TVS)*** – isang pamamaraan na ginagamit upang suriin ang ari ng babae, matris, *fallopian tubes*, obaryo at pantog.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO R. MASACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**d.** ***MAMMOGRAPHY*** – isang *x-ray imaging procedure* na ginagamit upang suriin ang dibdib ng isang babae para sa maagang pagtuklas ng kanser at ibang sakit sa kanilang dibdib. Ito ay ginagamit bilang isang *diagnostic* at *screening tool.*

**e.** ***CERVICAL SCREENING*** – sinusuri ng *cervical screening (pap smear)* ang kalusugan ng *cervix* ng isang babae. Ang *cervix* ay ang bukana ng sinapupunan ng mga babae mula sa kanilang ari.

**f. KATUWANG NA MGA OSPITAL AT *LABORATORY CLINICS*** – ito ay tumutukoy sa mga ospital at laboratory clinics na magbibigay ng dalawampung diskwento (20%) sa mga *ultrasoundservicesat cervicalscreening* sa mga kababaihan sa Lungsod tuwing buwan ng Marso ng bawat taon bilang pagdiriwang sa Buwan ng mga Kababaihan;

**SEKSYON 3. - DURASYON, PRIBILEHIYO AT KWALIPIKASYON -** Ang Kautusang ito ay ipapatupad tuwing buwan ng Marso kada-taon bilang pagdiriwang sa Buwan ng mga Kababaihan. Ang mga pribilehiyong matatanggap ng mga Kababaihan sa Lungsod ng Malolos ay dalawampung bahagdan (20%) diskwento para sa mga *ultrasound services* gaya ng *Pelvic Ultrasound, Transvaginal Sonography (TVS), Mammography* at *cervicalscreening* sa mga Pampubliko at Pribadong Ospital o *Laboratory Clinics* sa Lungsod.

**SEKSYON 4. - PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON (*INFORMATION DISSEMINATION*) -** Ang *City Social Welfare and Development Office (CSWDO), City Health Office (CHO) at ang City Information Office (CIO)* ang siyang magpapalaganap ng impormasyon sa pamamagitan ng *social media posts/posters, advertisements* at iba pang pamamaraan hinggil sa Kautusang ito.

**SEKSYON 5. - PAGKUHA NG MGA DATOS (*DATA GATHERING*) -** Ang *City Social Welfare and Development Office (CSWDO)* at ang *City Health Office (CHO)* ang siyang mangangalap o kukuha ng mga datos na kinakailangan upang maisakatuparan ang Kautusang ito.

**SEKSYON 6. - MGA TUNTUNIN AT ALITUNTUNING TAGAPAGPATUPAD (*IMPLEMENTING RULES AND REGULATIONS – IRR*) -** Ang Tanggapan ng Panlungsod na Manggagamot, Tanggapan ng Panlungsod na Manananggol at ng Tanggapan ng Panlungsod na Tagapangasiwa ang siyang mangunguna sa pagbalangkas ng mga Tuntunin at Alituntuning Tagapagpatupad sa loob ng animnapung (60) araw matapos mapagtibay ang Kautusang ito.

**SEKSYON 7. - PAGLALAAN -** Itinatadhana ang paglalaan ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pamamagitan ng *Local Finance Committee*, ng halagang gugugulin para sa pagpatupad ng Kautusang Panlungsod na ito.

**SEKSYON 8. - SUGNAY NA PAGHIHIWALAY -** Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maihayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 9. - TADHANAIN NG NAGPAPAWALANG-BISA -** Ang anumang Kautusang Panlungsod na umiiral at ipinatutupad bago pa nilikha ang kautusan na "sumasalungat o di sumasang-ayon" dito ay ganap na pinawawalang saysay sa sandaling ito ay ganap na mapagtibay.

**SEKSYON 10. - KABISAAN -** Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

---------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
Pang. Punong Lungsod - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
JUN 19 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*06052023